

TANGKE

Ferdinand Pisigan Jarin

Gusto kong maging mataas. Tumangkad. Lumaking tao. Lahat ng uri ng pag-angat na magsisilbing daan para tingalain din ako. Na hangaan din ako ng mga tao.

Paulit-ulit ko itong mantra noon nang nag-aaral pa ako ng elementarya sa Candelaria Central Elementary School sa Candelaria, Zambales.

Ako kasi ang laging nasa unahan ng pila tuwing Flag Ceremony. Ako ang madalas utusang pumulot ng bola. Ang madalas pag-tripang hubuan ng salawal. Ang madalas sigain at takutin ng malalaki. Ang kaltukan pasimple ng mas matatandang estudyanteng nakukulitan sa akin dahil sumasabat daw ako sa kanilang usapan. Ang dami ko raw kasing tanong.

Kaya noong panahong 'yon, bata pa lang, sawa na ako sa pagiging maliit. Naitanim ko sa isipan noon na ang maliit ay laging tinitingnang mababa di lang sa pisikal na aspekto kundi maging sa lahat ng gagawin n'ya.

Gusto ko na agad tumanda. Lumaki.

Ipinanganak ako sa Maynila. Sa Cembo, Makati. Nang maghiwalay sina Mama at Papa, napadpad kami ng aking ina at nag-iisang kapatid sa tahanan ng aking Lolo at Lola sa Sitio Quinabuangan na bahagi pa rin ng pinaka-Poblacion ng Candelaria. Ganoon kadrarna ang pagkakapadpad namin sa probinsiya. Lalo pang naging madrama nang kailangan kaming iwan ng aming ina sa lugar na 'yon para magtrabaho sa isang patahian sa Mandaluyong. Saklap.

Sa eskwelahan ko sa Candelaria Central Elementary School, walang epekto ng popularidad ang sabihing ipinanganak ka sa Maynila. Isa ako sa mga estudyanteng mahirap at di anak ng mga pulitiko ng bayan o mga may-kayang pamilya na nakapag-abroad ang mga magulang. Kaya madalas na walang barkada agad. Di sikat sa klase. Idagdag pa dito ang pagka-dehado lalo na sa pakikipag-usap sa mga kaklase na nagsasalitan ng *Sambal* na katutubo nilang wika at Tagalog lang kapag Tagalog ang kausap tulad ko. Siyempre gusto ko rin namang maintindihan sila dahil ayaw kong maulit ang dating sitwasyon na titingnan muna nila ako, mag-uusap sa kanilang wika kasunod ay malumanay akong sasabihan na: *lupa kang bako*. Mangingiti ako. Para akong pinuri e. May lambing ang pagsasabi. Pagkangiti ko, malakas silang magtatawanan at bigla akong iiwan na nagtataka. Huli ko nang malalaman na ang salin pala nito sa Tagalog ay “mukha kang unggoy.”

Pero sigurado akong di ako mukhang unggoy. Dahil “bubuwit” ako.

Matatagpuan sa likurang bahagi ng aming eskuwelahan ang Industrial Arts Building gayundin ang malaking lote na nagsisilbi naming taniman sa asignaturang Agriculture. Barbwire ang nagsisilbing bakod ng eskuwelahan sa bahaging ito. At malapit ang bahaging ito sa Quinabuangan. Maraming araw mula grade 5 hanggang grade 6, lalo na’t hindi Lunes na kailangang dumalo sa Flag Ceremony, nilulusot ko ang bubuwit kong katawan sa pagitan ng bakod na ito. Hahawakan ko ng kaliwang kamay ang bahaging itaas ng barbwire (iiwasan siyempre ang matutulis na bahagi) at iaangat ito ng mataas para maipasok agad ang aking kaliwang paa kasunod ang aking ulo. Itutulak naman ng aking kanang kamay ang ibabang bahagi ng barbwire para maisunod ang bandang kanan ng aking katawan hangang mailusot ko ang kanang paa at presto! Nasa loob na ako ng eskuwelahan. Mabilis akong maglalakad para mahabol ang lumalakad nang pila ng aking mga kaklase at saka ako sisingit na parang nanggaling din mula sa assembly bago pumasok sa mga classrooms. Pero na-master ko lang ang paglusot na ganito matapos ang mangilan-ngilan ding pagkasugat muna sa barbwire. Darating din ang isang araw na maninigas at mamumutla ako bago lumusot. Nagmamadali ako noong pumasok dahil huli na akong nagising. At dahil nga saulo na, di ko na tiningnan ang barbwire at bigla ko na lang hinawakan para maiangat na agad. Doon ko mapapansing di bakal ang nahawakan ko. Madulas. Malamig. Ahas! Nagising ang nakapulupot na ahas. Tumitig at naglabas ng dila. Naninigas ako sa takot. Halos madapa-

dapa ako sa panlalambot ng tuhod nang tumakbo na patungo sa gate ng paaralan. Hanggang makapasok ng classroom, namumutla pa rin ako habang pinagtatawanan ng mga kaklase ang itsura ng takot kong mukha. Kahit kailan, ahas ang kinatatakutan ng bubuwit.

Gusto ko ang kumanta ng Lupang Hinirang at bigkasin ang Panatang Makabayan. Sumama sa ehersisyo sa saliw ng kantang “Mag-exercise Tayo Tuwing Umaga” ni Yoyoy Villame. Kaya tuwing Lunes ko lang gustong dumaan sa main gate ng eskuwelahan para makiisa sa Flag Ceremony. Pero ang tunay na dahilan, tuwing Lunes lang din kasi maayos, mabango at malinis ang damit ko. Ang mga susunod kong isusuot ay tiyak na ipinambahay ko na muna. Pinambahay ko, ipinampasok ko. Wala kasi akong kadamit-damit noon. Madalas pang mabilis ngumiti ang sapatos ko kaya iniiwasan kong masita ng guro ang tsinelas na pinampasok ko. Wala rin naman kasi kaming uniporme sa eskuwelahan noon. Hayskul na ako nang mabalitaan kong may uniporme na ang pinanggalingan kong eskuwelahan noong elementarya. Kaya malaking solusyon talaga ang pagsuot sa barbwire na bakod sa likod ng eskuwelahan tuwing Martes hanggang Biyernes mula sa problema kong mapagtawanan, iwasan at pag-usapan ng mga kaklase. Naiiwasan kong lumiit nang lumiit sa paningin nila sa pamamagitan ng pag-aastang “bubuwit.”

Pero ang solusyon lang talaga sa lahat ng diskriminasyong ito, alam ko, ay ang pagiging mataas. At gagawin ko ito noon sa araw na walang pasok.

Tuwing Sabado ng hapon pupunta ako sa eskuwelahan. Susuot muli sa bakod na barbwire. Mabilis kong tutunguhin ang bahaging playground ng eskuwelahan. Sa gilid ng playground, may isang mataba at mataas na punong mangga na ordinaryong makikita sa maraming bahagi ng Candelaria. Sa ilalim ng puno, minsa’y masusuwertehan kong makapulot ng pwede pang makaing bunga. Pero hindi ang pamumulot ng mangga ang talagang sadya ko. Pambaon ko lang ito na mangunguya sa lugar na talagang gusto kong puntahan: Ang tangke ng tubig sa tabi ng punong mangga. Partikular ang tuktok nito. Titingalain ko muna lagi ang taas ng tangke at matapos huminga ng malalim at humugot ng lakas ng loob ay matatag na kakapit at aapak paakyat sa mga bakal na nakabaon sa poste ng tangke na nagsisilbi nitong hagdan. Pagdating sa itaas nito, dahan-dahan muli na uupo ako sa gilid ng bunganga ng tangke na laging walang takip. Mas pipiliin kong tunghayan agad ang lamang tubig ng tangke at masdan ang mga namumuong lumot sa

paligid ng kalooban nito kesa sa tumingin agad sa lupa sa ibaba ng tangke. Tiyak kasing mararamdaman ko ang pagkalula at takot kapag ito agad ang tiningnan ko. At sa oras na alam kong matatag na ang pagkakaupo ko at di na hinahabol ang aking hininga, dahan-dahan kong ililibot ang pananaw ko mula sa pinakamalapit hanggang sa pinakamalayo na maabot ng aking paningin. At sa puntong ito, mararamdaman ko na ang pagiging mataas ko. Kitang kita ko mula sa tuktok ang kabuuan ng Poblacion ng Candelaria. Sa bandang gitna ang simbahan ng San Vicente Ferrer katabi ng palengke. Sa kaliwa ang munisipyo, sa kanan ang public library at ekstensyon ng eskuwelahan at pinagigitnaan sila ng aming malaking plaza. Pati ang mga monumento ni Rizal at isang agila na alaala naman ng mga sundalo ng bayan na nagpakabayani sa mga nakaraang digmaan. Sa likod ng simbahan matatanaw ko ang mga magagandang kabahayan ng Sitio Tambo pati na ang mga nakabilad na palay sa mga daan nito. Sa kanan ang mga kabahayan ng Barangay Panayunan kasama na ang mga daan patungo sa Barangay Libertador na katatagpuan ng karagatan ng Candelaria. At siyempre pa, sa kaliwa, ang malaking bahagi ng Quinabuangan pati na ang bukid nito.

Sa mga ganitong pagkakataon, akin ang lahat ng matanaw ko. Akin ang maganda at malaking bahay na 'yon. Akin ang mga sasakyan na 'yon. Akin ang mga nakabilad na palay na 'yon pati na ang mga kalabaw sa bukid. Akin ang buong bayan. Ako ang kanyang panginoon. Kaya kong pasukin ang isip ng mga taong naglalakad at nag-uusap na nakikita ko. Di nila alam, pinakikialaman ko na ang kanilang mga buhay mula sa tuktok ng tangke. Ginagawan ko na sila ng kuwento.

Sa tuktok ng tangke, natatakasan ko ang kahirapan. Ang diskriminasyon sa pagiging maliit. Dahil nasa itaas na ako. Mataas na ako.

Pero ang pinakagustong-gusto kong gawin, ang tanawin ang mga di-abot ng aking paningin. Lubos kong dadamahin ang malakas-lakas na hangin na humahaplos sa akin sa tuktok ng tangke. Diretso kong tatanawin ang dulong imahen ng lugar na aking nakikita. Matapos ay pipikit. Unti-unti, makikita ko na sa imahinasyon ko ang itsura ng isang lugar na puro kongkreto, nagsasalubungan ang madaming sasakyan at mga tao. Walang bukid, kalabaw at palay. Makikita ko sa lugar ang kutitap ng maraming ilaw tuwing gabi at maririnig ang maiingay na tugtugin kumpara sa maiingay na kuliglig tuwing gabing sobrang tahimik at dilim. Sa lugar na tinanaw ng aking imahinasyon, isa na akong Piloto, Inhinyero, Doktor, Propesor,

Abogado, mayaman, marangal, kilala. Isa na akong mataas na tao.

Kapag pumipikit na ako sa tuktok ng tangke, nangangarap na akong bumalik na sa Maynila. Iniiwan ko na ang Candelaria. Nangangarap na akong kapiling na namin ni Michael ang aming ina. Sa tuktok ng tangke, natatakasan ko rin ang lungkot ng pagiging dayuhan.

Matapos ang isang oras, mapapagod din ako sa pagtanaw at pangangarap. Mararamdaman ko na ang pagkalula. Siyempre pa, mararamdaman ko rin na talagang malungkot ang pag-iisa sa tuktok. Di masaya ang walang kausap. Nakakatakot din isipin na baka malimutan kong nasa itaas ako habang nakapikit, mahipan ng malakas-lakas na hangin at makabitaw sa pagkakapit. Tiyak, hulog!

Dahan-dahan akong bababa sa katotohanan. Na maliit talaga ako at di titingnan na mataas. Magmamadali na akong lulusot muli sa barbwire pabalik sa bahay namin sa Quinabuangan dahil ako ang nakatokang magsaing para sa hapunan. Mamumulot pa ako ng mga kahoy na ipampaparingas sa kalan. Pero patuloy din naman akong aasam habang lumalakad pauwi na sana dumating agad ang araw na kilalanin at tanggapin din ako ng mga kklase na di ko na kailangan pang umakyat ng tangke at mangarap makabalik ng Maynila.

Dumating ang araw na ito dahil matutuklasan ng klase na marunong pala akong kumanta at tumula. Sa loob ng klase, dala ng paghahangad na makilala, ilalabas ko ang mga dati'y kinahihiyang ilabas na mga talentong ito. May mga pagkakataong pipiliin ako ng ilang guro para ilaban sa kantahan at declamation contest. Magkakaroon ako ng matatalik na kaibigan na nahilig makinig sa mga gawa-gawa kong kuwento habang kami'y nagbubunot ng damo sa gilid ng mga tanim naming kamote o petsay. Isang araw, dahil sa magiging palasagot ako sa mga tanong tungkol sa kasaysayan ng bansa, pipiliin ako ng aking guro sa Araling Panlipunan na lumaban naman sa isang pang-distritong Quiz Bee. Makukuha ko ang pagiging unang puwesto dito. Lalong dadami ang mga kaklaseng kakausap at magiging kaibigan ko. Higit sa lahat, madalas na silang mag-uusap ng Tagalog at lubos ko nang maiintindihan ang wikang *Sambal* dahil may pagkakataong makikipag-usap na rin ako, kahit pasundot-sundot lang, gamit ang wikang ito. Sila na ang sasabihan ko na *Lupa kamong bako halban!* (Mukha kayong unggoy lahat!) matapos ay tatawa ako nang malakas. Gaganti sila ng *Paltak mo!* (Bayag mo!) at halos di na kami matitigil sa pagtatawanan.

Nang dumating ang araw na inaasam kong makilala at wag maliitin, huli ko na ring mapapansin na di na pala ako umaakyat sa tangke. Ang mga pangarap ko balang-araw ay naikukuwento ko na sa ibaba ng tangke. Sa piling ng aking mga kaklase. Di na ako mag-isang nakakaalam lamang nito. At sila rin, magkukuwento naman ng kanilang mga pangarap ng pagiging mataas at kilala balang araw. Sa loob man o labas ng Candelaria.

Isang hapon, nagtapos kaming lahat sa elementarya. May karangalan man ang iba at marami ang wala, nagdesisyon kaming bago maghiwa-hiwalay ay sasakyan namin ang lahat ng rides ng peryahan na nakapuwesto sa plaza bilang selebrasyon. Despedida na rin ito ng mga lilipat na ng eskuwelahan sa High School. Ang iba ay sa Olongapo mag-aaral, ang iba naman ay sa kalapit lalawigan. Ako naman ay babalik na at mag-aaral na sa Maynila.

Habang sakay kami ng paikot-ikot na Caterpillar, natanaw ko ang tuktok ng tangke ng tubig ng aming paaralan. Mabilis at mahigpit kong hinawakan ang medalya na nakasabit sa aking leeg. Napangiti. Alam kong sa oras na 'yon, mas kailangan ko ng ibayong pangangarap para magtagumpay sa Maynila. Higit sa lahat, mas lalakas ang pangangarap na ito kung lagi kong aalalahanin ang mga karanasan ko sa Candelaria, mapait man o matamis. Wala ng tuktok ng tangke akong mauupuan pagdating ng Maynila, alam ko. Pero ayos lang. Kahit maliit pa rin ako nang umalis sa Candelaria, nasa kalooban ko na ang tangke na alam kong patuloy kong aakyatin at uupuan ang tuktok para makatanaw ng mas malayo at malawak para ako tumaas.